



Ang Information Sheet para sa COVID-19 Isolation at Quarantine Support Services

Ano ang mga Suporta na Serbisyo para sa COVID-19?

- Ang Departamento ng Kalusugan (Department of Health/DOH) ay bibili at maghahatid ng mga pagkain, mga pangpersonal na gamit na panlinis sa katawan at limitadong mga pangangailangan sa bahay para sa mga taong nasa home isolation o quarantine dahil sa COVID-19. Ang mga Suporta na Serbisyo ay ibibigay ng Medical Reserve Corps (MRC).

Sino ang kwalipikado para sa mga Suporta na Serbisyo para sa COVID-19?

- Ang mga Suporta na Serbisyo para sa COVID-19 ay para sa mga tao na tinagubilinan ng mga Department of Health Disease Investigator na manatili sa kanilang bahay para ma-isolate o ma-quarantine.

Ano ang Medical Reserve Corps?

- Ang MRC ay isang volunteer program ng Departamento ng Kalusugan.

Paano ang Paggalaw ng mga Suporta na Serbisyo ng COVID-19?

- Ang MRC volunteer ay makikipag-ugnayan sa iyo sa loob ng 24 na oras pagkatapos nitong matanggap ang iyong impormasyon mula sa mga DOH Disease Investigator.
- Tatanungin nila kung sino sa inyong tahanan ang maaaring magbigay ng kahilingan para sa grocery at mga ibang pangangailangan.
 - ❖ Mas masustansiyang pagkain ang mabibili. Limitado/hindi bibili ng junk food.
 - ❖ Limitado ang budget para sa isang tahanan.

Please kokua ang mga MRC volunteers!

- Ang mga Suporta na Serbisyo ng COVID-19 ay hindi kailangang tawagan (**no-contact delivery service**).
 - ❖ Ang mga MRC volunteer ay gagawa ng iskedyul para sa kanilang paghahatid ng mga pangangailangan at tatawag sila sa inyo bago nila dadalhin ang mga pangangailangan.
 - ❖ liwan nila ang mga pagkain at mga pangangailangan sa labas ng inyong bahay. Hinihiling namin na huwag kayong lalabas ng bahay para sila ay salubungin.
- Kung may mga pets kayo, hinihiling namin na panatilihin sila sa loob ng inyong bahay o itali ang mga ito.
- Hinihiling namin na isara ninyo ang inyong mga bintana at pintuan kung maghahatid ng mga pangangailangan ang mga MRC volunteer.

Gaano katagal akong makakatanggap ng mga Suporta na Serbisyo ng COVID-19?

- Ang mga Suporta na Serbisyo ay matatapos kung mayroon nang isa sa inyong tahanan na pinalaya na ng mga DOH Disease Investigator mula sa isolation o quarantine. Ang taong ito ay maaari na siyang bumili sa tindahan para sa mga pangangailangan sa bahay.

Wala akong trabaho. Paano kung hindi ko kayang bumili ng pagkain pagkatapos ng mga Suporta na Serbisyo ng COVID-19?

- May mga community organization na maaaring tumulong. Ipaalam sa mga MRC volunteer kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon.

Kailangan ko ng isang interpreter para sa aking kahilingan ng pagkain. Mayroon bang interpreter?

- Oo, may mga serbisyo para sa pagsasalin. Hinihiling namin na ipaalam sa MRC Coordinator kung kailangan mo ng isang interpreter.

Kung mayroon kang mga katanungan, o nangangailangan ng isang interpreter, hinihiling namin na tawagan ang MRC Coordinator sa (808) 425-6024.



Office of Public Health Preparedness (OPHP)
Medical Reserve Corps
Support Services Isolation/Quarantine

TAGALOG



Ang Information Sheet para sa COVID-19 Isolation at Quarantine Support Services

Halimbawa ng mga Pagkain

- Karne
- Isda
- Mga Gulay
- Nakasupot na Pangsasad
- Prutas
- Sabaw
- Mga beans
- Peanut Butter/Nut Butter
- Bigas
- Tinapay
- Gatas
- Kape/Tsa-a
- Gatas ng Baby

Mga Panlinis na bagay

A at mga Pangangailangan sa Bahay

- Supot para basura
- Diapers (Pangmatanda at Pambata)
- Mga Produkto para sa Babae
- Mga Panlinis sa katawan (sabon, shampoo, toothpaste, etc.)
- Mga Panlinis na Produkto (kung meron sa tindahan)

- Ang mga nabiling bagay ay nakadepende sa suplay at budget.
- Ang mga pangangailangan ay bibilhin kung may hihiling. Hinihiling namin na tanungin ang MRC volunteer kung sila ay tatawag para sa iyong order.
- **Walang tabako o alak na maibibigay.**



Office of Public Health Preparedness (OPHP)
Medical Reserve Corps
Support Services Isolation/Quarantine

TAGALOG

07/2020